

## **MGA PAGBABAGO SA OPORTUNIDAD SA TRABAHO AT RESPONSIBILIDAD SA MGA BATA (CALWORKS) PAGPAPALIBAN SA SUPORTA SA BATA/PASS-THROUGH NA ALITUNTUNIN**

---

**Ang CalWORKs pagpapaliban sa Suporta sa Bata/pass-through na alituntunin ay nabago.**

### **Lumang Alituntunin:**

Kung ikaw ay makakatanggap ng CalWORKs para sa iyong anak at kumukuha din ng suporta sa bata para sa kanila, karamihan sa mga kaso, ikaw ay nakakakuha ng hanggang \$50 ng nakolektang suporta sa bata na dumaan sa pamamagitan mo mula sa iyong Local Child Support Agency (LCSA) at ang halaga na iyon ay ipinagpaliban o hindi nabilang kapag nagtrabaho sa iyong pagiging karapat-dapat na CalWORKs at halaga ng ipinagkaloob ay tinatiya. Para sa ilang mga bata na kaso lamang, lahat ng suporta sa bata ay dumaan sa pamamagitan ng pamilya, at hanggang \$50 ay ipinagpaliban bago binilang ang lahat bilang kita.

Ang mga pamilya ng CalWORKs na kumukuha ng kanilang suporta sa bata nang direkta mula sa Non-custodial Parent (NCP), makukuha ang parehong ipinagpaliban bago ang lahat ay kadalasang binilang bilang isang kita.

### **Bagong Alituntunin:**

Simula Enero 1, 2022, o kapag ang mga pagbabago na ito ay maaaring maiprograma sa Sistema ng kompyuter ng county, alinman ang mas maaga, ang bagong halaga ng suporta sa bata na dumaan (na naipadala sa iyo) at ipinagpaliban ay tataas sa hanggang \$100 para sa pamilya na may isang anak na nasa assistance unit (AU) at hanggang \$200 para sa pamilya na may dalawa o higit pa na anak na nasa AU. Ang ibang alituntunin tungkol sa pagpapaliban sa suporta sa bata ay hindi magbabago.

### **Mga Pagbabago sa Suporta sa Bata Kaysa sa Pagiging Karapat-dapat na Opsyon sa Ipinagkaloob na Salapi (SB 380):**

Kung ikaw ay may hindi tunay na anak o hating-kapatid-na-anak na hindi kasama sa iyong ipinagkaloob na salapi ng CalWORKs dahil sila ay kumukuha ng suporta sa bata, ang opsyon na iyon ay maaaring magbago. Ang tumaas na halaga ng pagpapaliban ay tataas sa halaga ng suporta sa bata na makukuha ng iyong anak bawat buwan upang maging karapat-dapat na hindi maisasama mula sa ipinagkaloob na salapi ng iyong AU.

Ikaw ay makakakuha ng Abiso ng Akson na nagsasabi kung ang iyong hindi tunay na anak o hating-kapatid na anak ay hindi na karapat-dapat na makilahok sa Suporta sa Bata Kaysa sa Opsyon na Ipinagkaloob ang Salapi at kung ito ay maidadagdag sa iyong ipinagkaloob na salapi ng AU. Hindi mangyayari ang pagbabago na ito sa kalagitnaan na peryodiko maliban kung hiniling mo ito. Kung ang iyong anak ay hindi na karapat-dapat na hindi kasama sa halaga ng ipinagkaloob na salapi ng AU at nais mo na idagdag ito nang mas maaga, kailangan mo sabihin ito sa iyong county.

**Makipag-ugnay sa iyong karapat-dapat na Manggagawa ng CalWORKs kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa mga pagbabago sa iyong kaso ng CalWORKs, ang alituntunin ng pagpapaliban o pagdagdag muli ng iyong anak sa ipinagkaloob na salapi ng AU. Makipag-ugnay sa iyong Manggagawa ng Suporta sa Bata kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa suporta sa bata. Maaaring makipag-ugnay sa iyong lokal na ahensiya ng suporta sa bata sa 1-866-901-3212.**

### **Mga Pagbabago sa CalFresh:**

Ang mga pagbabago sa iyong tulong sa salapi ay maaring magbago sa iyong mga benepisyo ng CalFresh. Ikaw ay makakakuha ng hiwalay na abiso ng iyong pagbabago sa mga benepisyo ng **CalFresh**.